



Ang
ABC ng
Fire Extinguishers
na Pantahanan

Kapag maayos ang pagkakagamit, ang isang portable na fire extinguisher ay makapagliligtas ng mga buhay at ari-arian sa pamamagitan ng pagpuksa sa maliit na sunog o pagpigil nito hanggang dumating ang Mga Serbisyo sa Apoy at Emerhensiya (Fire & Emergency Services).

Subukan lamang puksain ang sunog sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Ang lahat ay nakaalis na, o umaalis na ng bahay at may tumatawag na sa kagawaran ng sunog sa pamamagitan ng pag-dial sa 911.
- Kapag maliit ang sunog, hindi kumakalat, at ang usok o init ay hindi nagbabadya ng panganib.
- Kapag naaangkop ang iyong extinguisher sa uri ng sunog na sinusubukan mong labanan.
- Kapag may lakas ka ng loob na labanan ang sunog, at kapag sanay kang gumamit ng extinguisher.

Tandaan: Huwag magpakulong sa sunog. Siguraduhing may maluwag na labasan sa likuran.



Paalaala: Pagkatapos gumamit ng extinguisher (pamata

Upang paganahin ang iyong fire extinguisher, tandaan ang salitang **"PASS"**

P – Hilahin (Pull)
ang pin

pihitin kapag kailangan, upang masira ang sarahan at mabuksana ng panikwas.



A – Umasinta (Aim)
ng mababa

Ituro ang bukilya o hose sa pinagmumulan ng sunog. (Pumuwesto sa ligtas na distansya.)



S – Pisilin (Squeeze)
ng todo ang panikwas upang mapalabas ang kimikal na pamatay ng apoy.



S – Isuyod (Sweep)
ang bukilya o hose nang pakanan at pakaliwa sa kabuuan ng pinagmulan ng sunog. Kung sumindi muli ang apoy, gawin ito ulit.



Huwag na huwag talikuran ang apoy – kahit na sa tingin mong patay na ito, maaari itong sumindi uli.

ay ng apoy) upang magpatay ng apoy, agad na tumawag sa

May tatlong karaniwang uri ng sunog na maaari mong masagupa sa iyong tahanan.

(Siguruhing naaangkop ang uri ng iyong fire extinguisher para sa uri ng sunog.)

Klase A: Mga sunog na mula sa ordinaryong bagay na sumisiklab

na kabilang ang kahoy, tela, papel at mga plastic atbp.

Klase B: Mga sunog mula sa likidong lumiliyab at gas

na kabilang ang gasolina, mantika, propano atbp.

Klase C: Mga sunog na mula sa buhay na elektrisidad

na kabilang ang buhay na elektrisidad, gaya ng kagamitang gumagamit ng kuryente, kawad, mga fusebox, mga TV, computer, atbp.

Ang fire extinguisher na may pangalang ABC ay isang pamatay ng apoy na maraming mapaggagamitan at maaari gamitin sa tatlong uri ng sunog.



Mag-ulat sa Serbisyo sa Apoy at Emerhensiya upang mag-ulat.

Basahin ang mga pagtuturo sa etiketa: Hindi dapat sa panahon ng emerhensiya tuklasin kung paano gamitin ang extinguishers (mga pamatay ng apoy).

Laki ng Extinguisher

Ang mga portable na fire extinguisher ay sinusukat batay sa laki ng sunog na maaari nitong puksain. Ang mga sukat ay makikita sa etiketa ng extinguisher – **Halimbawa 2A:10B:C**. Kapag mas malaki ang numero ng sukat, mas malaki ang apoy na mapupuksa nito. Hanapin ang tatak na ULC (Underwriters Laboratories of Canada) sa extinguisher. Nirerekomenda namin ang isang fire extinguisher na iba-iba ang gamit (multipurpose ABC) na may sukat na 2-A 10-B,C o 3-A 40-B,C para sa tahanan.

Mga Limitasyon

Mahalagang malaman na ang mga fire extinguisher ay hindi ginagamit para sa malalaki o kumakalat na sunog. Maaaring maubos ang laman ng fire extinguisher sa loob lamang ng anim hanggang sampung segundo.

Lokasyon

Hanapin ang mga fire extinguisher sa mga lugar kung saan madali itong makikita at makukuha—at mas maganda kung malapit sa labasan at hindi sa sampung talampakan ang layo mula sa maaaring pagmulan ng sunog. Huwag itago sa mga kabinet o sa ilalim ng mga lababo.

Pagmementina

Isang beses kada-buwan, inspeksyunin ang iyong fire extinguisher para sa mga kasiraan at siguruhing puno ang pagkaka-charge dito. (Tingnan ang mga pagtuturo ng gumawa para sa mga detalye.) Ang mga fire extinguisher ay dapat ayusin ng mga kwalipikadong kompanya sa pagseserbisyo matapos ang bawat paggamit, kahit di puno ang pagkaka-charge. (Tumingin sa yellow pages sa ilalim ng Fire Extinguishers.)



Para sa karagdagang impormasyon,
pakitawagan ang
**Mga Serbisyo sa Sunog at
Emerhensiya ng Mississauga
(Mississauga Fire & Emergency
Services), Pampublikong
Kaalaman**
905-896-5908
o bisitahin kami sa aming website sa
<http://www.mississauga.ca/fire>

 **MISSISSAUGA**
Fire and Emergency Services
Leading today for tomorrow



231/2007